ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo L Blg. 6
Marso 21, 2019
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Labanan ang "kontra-insurhensyang" pakana para sa pasistang diktadura

Nakakambyo na ang paghahanda ng rehimeng Duterte para itatag ang isang pasistang diktadura. Batid niyang dapat umusad nang mabilis ang kanyang pakana sa loob ng humigit-kumulang isang taon bago siya maubusan ng kapangyarihan. Pwede niyang piliing iratsada ang planong baguhin ang konstitusyon o kaya'y tahasang ideklara ang batas militar. Depende ito sa isusulong ng mga pakikibakang bayan o sa ihuhugis ng ribalan ng mga pangkating pampulitika ng naghaharing uri.

Pinamumunuan ngayon ni Duterte ang kung tutuusi'y isang huntang sibil-militar sa anyo ng tinaguring National Task Force para diumano "wakasan ang komunistang armadong tunggalian." Sa pamamagitan ng NTF, pinatatakbo ngayon ni Duterte at kanyang mga tau-tauhang militar ang buong gubyerno gamit ang "kontra-insurhensya" bilang nakapanlalambong na kapangyarihan. Naghahari sila gamit ang dahas at paninindak na di nagpapatali sa mga batas at proseso upang payukuin ang lahat sa tiraniya ni Duterte.

Sa ilalim ng NTF at sa tinaguring patakarang "buong-gubyerno," pinasusunod ni Duterte ang mga prayoridad at plano ng lahat ng ahensya ng gubyerno sa mga layuning kontra-insurhensya ng AFP. Matapos hirangin ang mahigit 60 dating heneral at upisyal militar sa iba't ibang antas ng burukrasya,

*"Labanan..," sundan sa pahina 2*

## *Red-tagging* ng rehimen, dinala sa Europe

PALATANDAAN NG UMIIGTING na panunupil ng rehimeng US-Duterte ang pagdayo ng mga kinatawan nito sa Europe upang ipaharang sa European Union (EU) at United Nations (UN) ang pagpondo sa mga ligal na institusyon na arbitraryong binabansagang mga "prenteng organisasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP)."

Noong ikalawang linggo ng Pebrero, umikot sa mga bansa sa Europe ang mga upisyal ng Presidential Communications Operations Office, National Intelligence Coordinating Agency at ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. Humingi ang mga ito ng pakikipagpulong sa mga upisyal ng EU at mga organisasyong nagbibigay ng ayuda, at ikinampanyang bawiin o

*"Red tagging...," sundan sa pahina 3*

*"Labanan...," mula sa pahina 1*

itinali niya sa AFP ang mga departamento ng gubyerno, kabilang ang mga ahensyang sibil, at ipinailalim ang mga ito sa nakapangyayaring impluwensya ng militar. Ginagawang sandata ang mga ito ng pagsupil para magsilbi sa "pambansang seguridad" ng rehimen na walang dili't iba kundi ang pananatili at pagpapalawig ng burukrata-kapitalista at pasistang rehimeng Duterte.

Sinisindak ng AFP ang mga lokal na upisyal ng gubyerno, mula sa mga konseho sa barangay hanggang lupon sa prubinsya, para maglabas ng mga pahayag at makipagtulungan sa mga programa ng militar, sa takot na i-"Red-tag" o tatakang komunista at gawing target ng AFP. Ang diumano'y mga programang pangkagalingan ay ipinangkukubli lamang sa brutalidad ng mga operasyon ng AFP.

Bagaman ang deklaradong layunin ng NTF ay "wakasan ang armadong tunggalian," nakatuon ang malaking bahagi ng trabaho laban sa mga ligal na organisasyon na kumakatawan sa interes ng iba't ibang sektor, pati na mga ahensya, institusyong panserbisyo at progresibong pampulitikang personalidad. Liban sa mga manggagawa, magsasaka at iba pang batayang sektor, pinag-iinitan nang husto ni Duterte at ng kanyang mga alipures ang mga mamamahayag, abugado, guro, kawani ng pamahalaan at mga taong-simbahan, laluna yaong mga grupong bumabatikos sa laganap na abuso ng mga pwersang panseguridad ng estado.

Sa nagdaang mga buwan, puupuong aktibista sa buong bansa ang inaresto nang walang mandamyento at ibinimbin nang walang kaso. May mga kasong ang mga dinakip ay inkomunikado, pinagkaitan ng kanilang karapatang mabisita ng abugado at pamilya upang piliting "makipagtulungan" sa militar. Upang bigyang-matwid ang iligal na hakbang, pinalalabas ng AFP na ang mga detenidong ito'y "sumurender" kahit pa sila'y bilanggo sa mga bartolinang militar.

Pinakilos ni Duterte ang "legal cluster" ng NTF para pabilisin ang kaso para pormal na turingang "terorista" ang Partido at BHB sa ilalim ng Human Security Act o "batas kontra-terorismo" upang ipataw ang mabibigat nitong parusa laban sa mga aktibista at iba pang kritiko ng pasistang rehimen.

Inutusan din niya ang NTF na itulak ang European Union (EU) at iba pang ahensyang European na itigil ang pagsuporta sa mga proyektong panlipunan sa bansa tulad ng mga paaralang Lumad na pilit na pinalalabas ni Duterte na "paaralan sa pagsasanay" ng BHB, pinadadaplisan ang EU sa "pagpondo sa terorismo."

Para lalong patatagin ang NTF, sinisiguro ni Duterte at ng AFP na yaon lamang makikipagtulungan sa doktrinang kontra-insurhensya ng rehimen ang mananaig sa darating na eleksyon. Bagaman bawal makialam sa eleksyon, aktibong nangangampanya ang AFP laban sa mga progresibo at kandidatong anti-Duterte sa pamamagitan ng pagtatak sa kanila na "simpatisador" ng BHB o kaya'y sa pagbabanta na isama sila sa gawa-gawang "narcolist." Ang buong Mindanao, na nasa ilalim na ng batas militar, ay idineklarang "election Red hotspot," na nagbibigay sa AFP ng ibayong kapangyarihan.

Ang pagsupil sa ligal na demokratikong kilusan, na binubuo ng mga di armado o hayag na grupong sektoral, pati na mga ahensya o organisasyong pang-aktibista o may layuning panlipunan o pampulitika, ay isa sa susing bahagi ng pakana ni Duterte na magtatag ng isang pasistang diktadura. Sa taya niya, kung mapatatahimik niya ang mga grupong ito, mapatatahimik na rin niya ang lahat ng anyo ng oposisyon at mapababagsak ang buong hanay ng mga pwersang anti-pasista, at gayo'y mapapawi ang sinumang hahamon sa kanyang pakana.

Marcos na Marcos ang pakana ni Duterte. Noong 1972, idineklara

*"Labanan..," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo L Blg. 6 | Marso 21, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroomv2

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Labanan ang "kontra-insurhensyang" pakana para sa diktadurya 1

*Red-tagging*, dinala sa Europe 1

10-araw na BKPM, inilunsad sa NCMR 4

Tumitinding krisis sa empleyo 5

Patuloy na pagsirit ng presyo ng langis 6

Mga manggagawa, pinagbitiw ng AFP 7

*Walk-out* ng mga estudyante 7

Araw ng Kababaihan, ginunita 7

Mga Moro, biktima ng militarisasyon 7

Bigo ang gera ng US sa Afghanistan 8

"Kontra-insurhensya" sa Pilipinas 9

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Labanan...," mula sa pahina 2

ang batas militar para umano labanan ang mga banta ng "Maoistang rebelyon." Nanatili sa poder si Marcos hanggang 1986. Ngayon, ipinananakot din ni Duterte ang multo ng komunismo (pati na rin ang multo ng terorismo) para bigyang matwid ang pagsupil sa mga demokratikong karapatan sa kanyang layuning palawigin sa poder ang sarili at kanyang pamilya at ipagpatuloy ang kanilang burukrata-kapitalistang pandarambong at pagpapayaman.

Dapat puspusang labanan ng mamamayang Pilipino ang ambisyon ni Duterte na maging diktador. Dapat tumbasan ang tindi ng paghahanda ni Duterte ng dobleng sidhi para biguin ang kanyang plano. Hindi sila dapat magpasindak sa paggamit ni Duterte at ng AFP ng pwersa at terorismo ng estado. Dapat silang magsalita at labanan ang arbitraryong pagtatatak na komunista o terorista. Dapat panagutin si Duterte at kanyang mga upisyal sa seguridad sa lahat ng paglabag sa karapatang-tao at malubhang pag-abuso sa kapangyarihan sa ilalim ng rehimeng kontrainsurhensyang NTF. Dapat paalingawngawin nila ang panawagang patalsikin ang pasistang rehimeng US-Duterte.

Dapat magpunyagi silang palakasin at palawakin ang nagkakaisang prente laban sa tiraniya ni Duterte. Habang patuloy ang huwad na gera sa droga ni Duterte, ang gera para agawin ang lupa ng mamamayang Moro at ang kanyang gera ng panunupil sa buong bansa, lalong marami ang napupukaw na manindigan laban sa pang-aabuso ng kanyang mga pwersang militar at pulis. Habang sinisikap ni Duterte na monopolyohin ang kapangyarihan, lalong umiinam ang kundisyon para itatag ang pinakamalawak na nagkakaisang prente para ihiwalay at ibagsak ang kanyang paghahari.

Sa harap ng tuwiran at di tuwirang panunupil, dapat matapang, mapangahas, matalino at mapanlikhang ipagtanggol at igiit ng sambayanang Pilipino ang kanilang demokratikong mga karapatan na ginagarantiya sa ilalim ng mga kumbensyong internasyunal, pati na sa ilalim ng konstitusyong 1987. Maaari silang maghanap ng madudulugang ligal sa mga korteng lokal o internasyunal. Kasabay nito, dapat nilang palakasin ang kanilang lihim na kilusan at gulugod na maaaring atrasan ng mga aktibistang pinagbabantaang arestuhin o patayin at gamitin para patuloy silang makalaban sakaling ipataw ang lantarang paghaharing militar.

Sa gitna ng lumalalang kalagayang sosyo-ekonomiko at pagwawalang-bahala at kainutilan ng rehimen na harapin ang kagalingan ng mamamayan, dapat magkaisa ang malawak na masa, maglunsad ng mga pagkilos sa mga komunidad, magtipon sa kampus, magwelga sa mga pabrika at magdemonstrasyon sa lansangan upang ipahayag ang kanilang mga hinaing at labanan ang pagpapatahimik sa kanilang protesta.

Dapat patuloy na maglunsad ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa upang palakasin ang loob ng mamamayan na isulong ang kanilang demokratikong pakikibaka. Dapat maglunsad ng mga reyd at pagtambang ang hukbong bayan, gayundin ang mga espesyal na operasyong partisano, na tumatarget sa pinakapusakal na umaabuso sa karapatang-tao, hindi lamang para parusahan sila sa kanilang krimen, kundi para rin itanim sa kanilang isip na di sila pwedeng magpatuloy sa pang-aabuso nang walang kabayaran.

Habang itinutulak ni Duterte ang kanyang ambisyong magdiktador, lalo niyang ipinakikita sa sambayanan ang kawastuhan at kakagyatang isulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Lalong umiinam ang sitwasyon para sa mabilis na paglawak at paglakas ng BHB at mas mabilis na pagsulong ng digmang bayan. AB

"Red-tagging...," mula sa pahina 1

tanggihan ang pagbibigay ng pondo sa mga organisasyong binansagan nitong mga "prente ng Partido Komunista ng Pilipinas" at nagtataguyod ng mga eskwelahang Lumad sa Mindanao. Kabilang sa mga ito ang Karapatan, Rural Missionaries of the Philippines (RMP) at IBON Foundation. Ayon sa taya ng rehimen, nakatatanggap ang naturang mga organisasyon nang mahigit P70 milyon taun-taon mula sa mga ahensya ng EU. Pinababantayan din ng rehimen maging ang mga organisasyon sa Belgium na mapagkaisa sa progresibong kilusang masa sa Pilipinas.

Mariing kinundena ng RMP ang malisyosong pag-uugnay ng kanilang mga aktibidad sa Bagong Hukbong Bayan at ang paratang na inililihis nila ang natatanggap na pondo para bumili ng mga armas at magsanay ng mga kabataang Lumad para sa BHB. Ayon kay Sr. Elenita Belardo, RGS, tumatayong National Coordinator ng RMP, ang pagbansag sa kanila bilang mga "prente ng PKP" ay nagsasapanganib sa mga misyunero, pari, madre at iba pang relihiyoso na maging target ng pagtugis.

Dagdag pa ni Sr. Belardo, ang kanilang mga programa ay "nakatuon sa literasiya at numerasiya ng mga batang Lumad, mga programang pangkabuhayan, *relief* at rehabilitasyon, pagsasanay at edukasyon para sa mga komunidad sa kanayunan upang malubos ang kanilang buhay."

Nagsampa naman ng kaso ang IBON sa National Security Agency at inireklamo ang ginawang pagbansag sa institusyon sa pananaliksik. Hinamon nito ang ahensya na patunayan ang kanilang paratang. AB

# 10-araw na BKPM, inilunsad sa NCMR

Isang platun ng mga Pulang mandirigma ang nakapagtapos ng 10-araw na Batayang Kurso sa Pulitiko-Militar (BKPM) sa North Central Mindanao Region (NCMR) noong Pebrero. Pangatlo ito sa serye ng mga pagsasanay na inilulunsad sa iba't ibang subrehiyon. Bahagi ito ng mga aktibidad sa pagdiriwang ng ika-50 taon ng pagkakatatag ng BHB sa darating na Marso 29.

Ibinatay ang maiksing kurso o *crash course* sa silabus ng mas mahabang kursong nagtatagal nang isang buwan. Pinaiksi ito sa sampung araw bilang pag-angkop sa matagalang operasyong dumog ng mga armadong pwersa ng estado sa rehiyon. Noong 2018, umaabot na sa 13 batalyon ng Armed Forces of the Philippines, liban pa sa mga yunit ng Philippine National Police at CAFGU ang itinambak sa rehiyon.


Nakatuon ang pagsasanay sa pagtataas ng pisikal at militar na kapasidad ng mga Pulang mandirigma. Bago isabak ang mga kadete sa kurso, tinitiyak na kumpleto ang kanilang pulitikal at teoretikal na pag-aaral sa loob ng hukbo. Pinalalahok sa pagsasanay pareho ang bago at matagal-tagal nang mga mandirigma para mapanatili ang kanilang diwang mapanlaban.

Kalakhan ng mga kadete ay mula sa uring magsasaka, pero mayroon ding kabataan mula sa lunsod. Mayorya sa kanila ay nasa edad 18-35 at halos sangkatlo ay mga babae.

Pinangunahan ng mga Pulang kumander at mga kadre sa pulitika ang pagsasanay. Tatlong instruktor at isang tagasubaybay ang nagtulong-tulong para idaos ito. Araw-araw, tinatasa nila ang takbo ng kurso at pag-unlad ng mga kadete para makagawa ng mga pag-aangkop.

Nagsilbing taguyod ang isa pang platun ng BHB at mga kasapi ng milisyang bayan ng kalapit na komunidad. Pinangasiwaan nila ang suplay at tiniyak ang seguridad. Ilang linggo munang nag-imbak ng bigas, pagkain at iba pang suplay para tiyakin ang 20 araw na suplay ng kumpanya. Gayundin, maaga nang inihanda ng mga instruktor ang baril, mga bala at mga gamit pangklasrum tulad ng *pentel pen, folder, manila paper* at iba pa.

Hindi pa man nagsisimula ang pormal na pagsasanay, araw-araw nang nag-eehersisyo ang mga kadete. Gumigising sila nang alas-4 ng madaling araw at iniliгpit ang kanilang mga gamit bago tumungo sa hinawan na bahagi ng kampo na nagsilbing *training field*.



Mayroong 12 bahagi ang inilunsad na pagsasanay. Matapos ang ehersisyo sa umaga, itinuro ang batayang kumand sa pormasyon tulad ng *drill, marching* at *manual of arms*.

Sa sumunod na araw, itinuro ang pormasyong pangkombat at mga maniobrang militar sa iba't ibang senaryo ng labanan. Layunin nito na bigyan-kakayahan ang mga mandirigma na epektibong kumilos sa panahon ng mga sagupaan.

Isang araw ang inilaan sa pagsasanay sa indibidwal na mga kakayahan ng mga mandirigma. Pinaglaanan naman ng sapat na panahon ang mga paksa sa pusisyon sa pamamaril at paghagis ng granada. Sa pagpapalakas ng depensa ng hukbong bayan, itinuro rin ang pagsasaayos ng mga kober, pagtatago at paglalagay ng mga komoplahe.

Kalahating araw ang inilaan sa pag-aaral ng mga pamamaraan sa pagliligtas sa kasamang sugatan sa labanan at paglalapat ng paunang lunas. Dumaan din ang mga Pulang mandirigma sa isang *obstacle course* na may 16 na istasyon. Ang mga kadete na mismo ang naglatag ng *obstacle course* gamit ang kahoy at uway para pantali. Halos lahat ng mga gamit sa pagsasanay ay mula lamang sa paligid, liban sa mga gamit pangklasrum.

Bilang paglalapat sa mga natutunan sa unang mga topiko, naglunsad ng mga *war game* o simulasyon ng mga engkwentrong militar sa pagitan ng mga Pulang mandirigma. Dito natasa ang kakayahan ng indibidwal na mga mandirigma sa paggagap sa mga prinspyo ng mga maniobra, pusisyon sa pamamaril at iba pa.

Sinimulan ang mga *war game* sa isang dry run at sorpresang pagpapatutok ng baril. Kagyat na ipinwesto ang unang iskwad para "ma-

*"BKPM...," sundan sa pahina 5*

# Tumitinding krisis sa trabaho sa ilalim ni Duterte

Higit pang nalulugmok sa kahirapan ang kalakhan ng mamamayang Pilipino bunsod ng paglala ng disempleyo sa bansa sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Sa inilabas na datos ng reaksyunaryong gubyerno kamakailan, bumaba nang 387,000 ang bilang ng mga Pilipinong may trabaho mula 41.8 milyon noong Enero 2018 tungong 41.4 milyon sa Enero nitong taon. Mula 1986, may limang pagkakataon lamang na lumiit ang bilang ng mga may trabaho sa loob ng unang buwan ng taon, dalawa dito ay sa ilalim ng kasalukuyang rehimen.

Makapal ang mukha ni Rodrigo Duterte para ipagmalaki na nakalikha ang kanyang rehimen ng 825,000 bagong trabaho noong 2018 nang hindi isinaalang-alang ang pagkawala ng mahigit 663,000 trabaho noong 2017. Tila kinalimutan niyang ito ang pinakamalaking pagkitid ng empleyo sa loob ng 20 taon. Sa unang dalawang taon ni Duterte, nakalilikha lamang ng 81,000 trabaho kada taon, pinakamababa magmula pa noong 1986 at malayong maliit sa taunang 836,000 mula 2007.

Ipinagmamalaki rin ng rehimen na naitala noong nakaraang taon ang pinakamababang tantos ng disempleyo (5.3%) sa loob ng apat na dekada. Sa harap ng tuluy-tuloy na pagbulusok ng nalilikhang bagong trabaho, mistulang isang kabalintunaan ang pagbaba ng tantos na ito (mula 5.7% noong 2017 tungong sa 5.3% noong 2018 at 5.2% noong Enero 2019) at ng bilang ng walang trabaho (mula sa 2.4 milyon noong 2017 tungong 2.3 milyon noong 2018 at 2.2 milyon noong Enero 2019).

Ang totoo, ang pagliit ng disempleyo ay resulta lamang ng isang maniobra sa estadistika. Para paliitin ang tantos ng disempleyo, pinalalabas na mas maliit ang kabuuang bilang ng mga manggagawa upang magmistulang mas maliit ang porsyento ng mga walang trabaho. Noon pang 2005, hindi na binibilang ang tinataguriang "discouraged workers" o yaong anim na buwan nang walang hanapbuhay at nadismaya na sa paghahanap ng trabaho. Simula 1986, naitala noong Enero ang pinakamababang tantos (60.2%) ng mga Pilipinong may trabaho o naghahanap ng trabaho kumpara sa kabuuang bilang ng populasyong may edad 15 paitaas. Samakatwid, ang ipinagmamalaking pagbaba ng tantos ng disempleyo ay hindi pa dahil marami ang nagkahanapbuhay, kundi dahil napakarami ng naubusan na ng pagasang makahanap ng trabaho.

*"Disempleyo...," sundan sa pahina 6*

---

*"BKPM...," mula sa pahina 4*

kipagpalitan ng putok." Dito nakita ang kagyat na tugon at kahandaan ng mga mandirigma sa gayong senaryo.

Sa huling bahagi, sinanay ang mga Pulang mandirigma sa tamang pagtudla ng baril at mga prinsipyo sa pagpapaputok nito. Mayroong tatlong ehersisyo para magsanay sa pagtudla ng baril—ito ang mga *cut-out, aiming bar* at *triangulation.*

Sa pagpapaputok ng baril, ayon sa mga instruktor, kinakailangang masanay muna ang mga mandirigma sa pagpapaputok ng kalibre .22 na riple bago ang matataas na kalibre ng baril. Bukod sa kinakailangang kontrolin ang paggamit ng bala, sinasanay sila sa tamang paghinga, pagtudla at pagkalabit sa baril.

Regular na nagtatasa ang mga nagsanay na hinati sa mga iskwad. Sa isang pagtatasa, pinansin ng mga kadete ang epektibong pamamaraan ng mga instruktor na umangkop sa indibidwal na kapasidad ng mga mandirigma. "Mayroong tatlong klase ng mga nagsasanay—ang mga abante, panggitna at relatibong nahuhuli. Kinakailangan ibatay ang pagtuturo sa indibidwal na antas para makasabay ang lahat," ayon kay Ka Tino, isa sa mga instruktor.

Sa kabilang banda, nakasalalay sa mataas na diwa sa pulitika ng mga kadete ang kanilang pagsunod sa instruksyon at pagharap sa mga hamon, laluna sa mga pisikal na pagsubok. Mataas ang kanilang paggagap sa kahalagahan ng pagsasanay, at puspusan ang pagsisikap na alpasan ang anumang hirap at pagod. Layunin nitong abutin ang isang mataas na antas ng disiplina sa hanay ng mga Pulang mandirigma para magkaroon ng "isang kumpas, isang kilos" ang platun.

Sa mga panahong bakante, nagsasagawa ang mga iskwad ng kani-kanilang rebyu at pagsasanay sa *obstacle course.* Tinutulungan ng mga upisyal ang ilan sa mga kasamang relatibong nahuhuli at nahihirapan.

Bahagi lamang ang maiksing kurso sa tuluy-tuloy na pagsasanay at pag-aaral ng platun. "Hindi dito natitigil ang pagsasanay natin. Araw-araw ay patuloy kayong magsasanay sa pagharap sa mga aktwal na sitwasyon bilang mga Pulang mandirigma," pagtatapos ng isang instruktor. AB

"Disempleyo...," mula sa pahina 5




Kung gagamitin ang lumang depinisyon ng disempleyo at idadagdag ang bilang ng mga tinanggal nito sa estadistika, umaabot sa 9.8% ang tunay na tantos ng disempleyo noong Enero. Umaabot naman sa 4.5 milyon ang bilang ng walang trabaho o halos doble ng pinalalabas ni Duterte. Hindi pa kabilang dito ang mahigit 6.7 milyong manggagawa na tinaguriang "underemployed" o kulang ang trabaho, na katunaya'y walang trabaho.

Pinakamatindi ang pinsala ng krisis ng disempleyo sa sektor ng agrikultura. Mula 10.9 milyong may trabaho noong Enero 2018, nawalan ito ng 1.7 milyong trabaho tungong 9.2 milyon noong Enero ng kasalukuyang taon. Tiyak na kikitid pa ito sa darating na mga taon bunsod ng pagpapatupad ni Duterte sa Rice Import Liberalization Law at pag-arangkada niya sa malawakang pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural na malawakang pumapatay sa kabuhayan ng mga magsasaka.

Samantala, binawi lamang ang pagkitid ng empleyo sa pamamagitan ng paglikha ng 490,000 bagong trabaho sa subsektor ng konstruksyon na bantog sa paglikha ng mga panandaliang kontraktwal na trabaho; at 328,000 sa subsektor ng pampublikong administrasyon na posibleng bunsod ng papalapit na eleksyong *mid-term*.

Sa harap ng tumitinding krisis ng disempleyo, kasabay ng pagsidhi ng krisis sa kabuhayan, wala nang iba pang mapagpipilian ang mga mamamayan kundi bagtasin ang landas ng militanteng pakikibaka. Kinakailangang ibayong labanan ang mga patakarang neoliberal pumapatay sa trabaho at nagsasadlak sa masang anakpawis sa kahirapan. AB

## Presyo ng langis, patuloy na sumisirit

NAGTAASAN ANG PRESYO ng mga produktong petrolyo sa lokal na pamilihan sa loob ng anim na magkakasunod na linggo. Noong huling linggo ng Pebrero, umabot na sa P43.44/litro ang presyo ng diesel, P52.69/litro ang gasolina, at P51.09/litro ang kerosene.

Bukod sa paggalaw ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan (pagtaas nang $22.25/bariles sa presyo ng diesel, at $18.50/bariles sa gasolina mula Enero hanggang Pebrero 2019) at ang paghina ng piso kontra dolyar (nang P0.59 sa parehong panahon), nananatiling isa sa mga pangunahing salik sa pagtaas ng presyo ng krudo sa lokal na pamilihan ang dagdag na buwis na ipinataw ng rehimen sa ilalim ng TRAIN (Tax Reform for Acceleration and Inclusion).

Sa kabuuan, mula nang ipatupad ang nasabing batas noong nakaraang taon, tumaas nang P8.54/litro ang presyo ng *diesel*, P7.19/litro ang gasolina, at P6.42/litro ang *kerosene* sa Metro Manila. Kung paggalaw lamang ng presyo sa pandaigdigang pamilihan at ang pagbaba ng halaga ng piso ang pagbabatayan, babagsak ang presyo ng *diesel* tungong P38.40/litro at ng gasolina tungong P48.60/litro. Nananatiling mataas ang presyo ng mga produktong petrolyo dahil sa ipinataw na buwis na P3.50/litro sa presyo ng diesel at P3.10 sa gasolina alinsunod sa batas na TRAIN.

Kung susumahin ang epekto ng ipinataw na buwis ng TRAIN at ang dati nang *value-added tax* (VAT) sa mga produktong petrolyo, lumilitaw na nadagdagan ang presyo ng *diesel* nang P5.04/litro, gasolina nang P4.90/litro, at *kerosene* nang P4.48/litro mula nang ipatupad ang batas noong nakaraang taon.

Ayon sa Ibon Foundation, pinakamalakas ang hambalos ng pasaning buwis na ito sa mahihirap dahil napakababa na at hindi nakabubuhay ang kanilang kita. Hinamon ng Ibon ang rehimen na pansamantalang suspendihin ang mga ipinataw na buwis sa langis ng TRAIN at buhayin ang papel nito sa pagtatakda ng presyo ng langis sa lokal na pamilihan. AB



## Mga manggagawa, pinilit magbitiw sa trabaho

SAPILITANG PINAPIRMA NG mga elemento ng 71st IB ang 153 manggagawa ng Musahamat Farms sa Pantukan, Compostela Valley para palabasing nagbitiw sila sa kanilang mga trabaho noong Marso 8. Kabilang sa mga pwersahang pinagbitiw ang presidente at bise-presidente ng unyon na sina Esperidion Cabaltera at Richard Genabe, at sekretarya ng unyon na si Ronald Rosales. Bago nito, dinukot ng militar ang tatlo at tinortyur noong Pebrero 27.

Samantala, kinundena ng Concerned Artists of the Philippines ang iligal na pag-aresto ng mga pulis kay Alvin Fortaliza noong Marso 4 sa Guindulman, Bohol. Si Fortaliza ay lider ng Bol-anong Artista nga may Diwang Dagohoy (Bansiwag) Bohol Cultural Network at myembro ng Anakpawis Partylist. Nangangampanya siya sa palengke ng Guindulman nang arestuhin.

## Mga estudyante ng UPLB nag*walk-out*

LUMABAS SA KANILANG mga klase ang may 200 estudyante ng University of the Philippines-Los Baños (UPLB), noong Marso 8 para iprotesta ang kawalang-aksyon ng administrasyon ng unibersidad sa kanilang mga hinaing. Kabilang dito ang presensya ng mga sundalo sa kampus, ang *Red-tagging* sa mga aktibista at mabagal na pagtanggap sa mga estudyanteng nahuli sa *enrollment.*

Kaugnay sa huli, dapat kilalanin ng unibersidad ang kahirapan ng maraming estudyante na agad na makabayad ng matrikula, dahilan kaya hindi agad nakapag-*enroll* ang karamihan ng 500 estudyante. Hindi lahat ng mga estudyante ay saklaw ng libreng matrikula, anila, kaya nananatili ang problema ng mataas na mga bayarin kahit sa mga pampublikong unibersidad.



Sa UP Diliman, kinundena ng mga estudyante ang pananakot ng isang ahente ng paniktik ng rehimen. Pinuntahan ng naturang ahente ang bahay ni Ralph Baguinon, tagapangulo ng konseho ng UP College of Engineering, at idinaan sa kanyang pamilya ang bantang siya ay papatayin.

## Araw ng kababaihan, ginunita

GINUNITA SA IBA'T ibang bahagi ng Pilipinas ang Internasyunal na Araw ng Kababaihan noong Marso 8 sa pamamagitan ng pagsayaw at mga protesta.

Sa Metro Manila, daan-daang kababaihan at kanilang mga tagasuporta ang nagtipon sa harap ng Malacañang para batikusin ang macho-pasistang rehimeng US-Duterte at ipanawagan ang pagbasura ng kanyang mga patakarang anti-mamamayan. Pangunahin dito ang batas na TRAIN na dagdag na pasanin ng kababaihan.

Sa Baguio City, nagkaroon ng mga pagtitipon ang kababaihan kung saan ipinamalas nila ang kanilang pagkakaisa sa pamamagitan ng pagsayaw. Sa Isabela, umabot sa 8,000 ang nagtipon para sa okasyon. Dinaluhan ang pagtitipon ng mga kinatawan ng Gabriela Women's Party.

Sa Aklan, daan-daan ang sumama sa pagtitipon. Nagkaroon din ng mga pagtitipon sa Davao City, Cagayan de Oro City at Bukidnon.

## Mga sibilyang Moro, biktima ng militarisasyon

HINDI BABABA SA 3,295 pamilyang Moro o halos 16,000 sibilyan ang napilitang lumikas mula sa kanilang mga komunidad sa limang bayan sa Maguindanao dulot ng matinding atake ng Armed Forces of the Philippines (AFP) Joint Task Force Central mula noong Marso 11.

Ang mga pamilya ay naglalagi ngayon sa mga sentro ng ebakwasyon sa mga bayan ng Shariff Saidona Mustapha, Shariff Aguak at Datu Salibo.

Hindi pa kasama sa bilang ng mga bakwit ang mga nagsilikas sa mga barangay ng Datu Saudi Ampatuan at Datu Piang. Iniulat din ng mga organisasyon sa kawanggawa na marami pang pamilya ang naipit sa mga komunidad sa nabanggit na dalawang bayan dahil isinara ng AFP ang mga kalsada.

Dati nang nabiktima ang mga residente ng Maguindanao noong Setyembre 2018, nang binomba at kinanyon ng Joint Task Force Central ang parehong mga bayan na nagresulta sa apat na kaswalting sibilyan at libu-libong pamilyang napilitang lumikas.

Simula nang umatake ang AFP, tuluy-tuloy ang paghulog ng bomba ng mga *fighter jet* at helikopter ng Philippine Air Force. Kasabay din ng mga ito ang panganganyon ng mga *howitzer* at paglusob ng mga sundalo sa mga barangay. Idinahilan ng AFP na target umano nila ang mga kampo ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) na pumatay sa tatlong sundalo noong Pebrero 28-Marso 3.

Ayon naman sa BIFF, dumidepensa lamang sila laban sa mga atake ng AFP. Kasalukuyan pa umano silang nagmamatyag sa kahihinatnan ng bagong-tatag na Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM). Bahagi ng pakete ng pagtatag ng BARMM ang ganap na pag-disarma ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) pagsapit ng 2021-2022. Inaasahang 12,000 mandirigma ng MILF ang magsasalong ng kanilang armas ngayong taon, at karagdagang 35% sa 2020. AB

# Bigo ang gera ng US sa Afghanistan

Nitong taon, dalawang beses nang nakipagnegosasyon ang US sa Taliban, ang pangunahing armadong grupong kalaban nito sa Afghanistan, sa isang prosesong ayaw nitong tawaging usapang pangkapayapaan. Ito ay matapos ang 18 taong pagbuhos nito ng tropa, gamit at pondo at sa kabila ng paulit-ulit na panata ng US na hindi ito makikipagnegosasyon sa mga "teroristang grupo."

Manipis na tabing ang naturang negosasyon para sa tuluyang pag-atras ng mga tropang US sa bansa. Patunay ito sa lubos na pagkatalo ng US sa noon pa ma'y tinagurian nang "gerang hindi maipapanalo." Kapalit ng pag-atras ng mga tropang Amerikano, ipinangako ng Taliban na hindi nito hahayaang gamitin ang Afghanistan bilang base ng internasyunal na kilusang "militante," isang terminong ginamit para iwasan ang salitang "terorista." Hindi pumayag ang Taliban na lumahok sa negosasyon ang lokal na gubyerno na itinuturing nitong papet ng US.

Sinalakay ng US ang Afghanistan matapos ang teroristang pambobomba ng grupong Al Qaeda sa US noong Setyembre 11, 2001. Wala ni isa sa mga pinaratangan ay Afghan at hindi ring aktibong sinusuportahan ng bansa, o kahit ng Taliban, ang Al Qaeda sa panahong iyon. Gayunpaman, idinahilan ng US ang pagbase noon ng Al Qaeda at lider nitong si Osama bin Laden, sa kabundukan ng Afghanistan para salakayin ang bansa, wasakin ang imprastruktura nito at ipataw dito ang "demokrasyang Amerikano." Hindi bale nang mas malaking bahagi ng pagpaplano at pagsasanay ng mga nambomba sa US ay ginawa sa Germany, Pakistan at US mismo. Noong 2011, pinatay ng mga espesyal na tropa ng US si bin Laden sa Pakistan. Sa kabila ng deklarasyon nitong naggapi na ang Al Qaeda sa mga panahong iyon, nananatili ang mga tropang US sa Afghanistan.

Para bigyan-katwiran ang animo'y di matapos-tapos na gera sa Afghanistan, paulit-ulit na ipinagmayabang ng US ang kunwa'y mga pagtatagumpay ng gera at estratehiya nito sa loob ng halos dalawang dekada. Ginamit nito ang bansa para buuin ang doktrinang tinagurian nitong "komprehensibong estratehiya laban sa kontra-insurhensya" na ginawang upisyal na gabay sa pagsugpo sa mga armadong paglaban sa iba pang bahagi ng mundo, kabilang sa Pilipinas.




Nakapaloob ang doktrinang ito sa dokumentong US Government Counterinsurgency Guide na inilabas ng Department of State noong 2009. Dito, isinaad ang apat nasangkap para resolbahin ang armadong tunggalian sa tinaguriang "whole-of-society," at "whole-of-government approach" na ginamit sa Afghanistan.

**Ang karanasang Afghan**

Brutal, korap at kriminal ang naging hugis ng "gera kontra-insurhensya" ng US sa Afghanistan. Ginamit nito ang buong lakas ng pwersang militar, mga pribadong kontraktor at papet na hukbo hindi lamang laban sa Taliban, kundi sa buong sibilyang populasyon. Ang Taliban ay isang *network* ng mga armadong grupo na gumagamit ng mga taktikang gerilya sa paglaban. Ayon sa ulat ng US, tanggap ng maraming Afghan ang Taliban bilang alternatibo sa brutal at kriminal na mga *warlord* na naghari sa bansa hanggang dekada 1990.

Katuwang ng mga pwersang panseguridad ang papet na gubyerno na itinatag ng US at tinauhan ng mga kriminal at korap na pulitiko. Ang gubyerynong ito ang naging katuwang din ng malalaking kumpanyang US na kumopo sa matatabang kontratang pampubliko para itayo ang batayang imprastruktura na winasak ng mga tropa at eroplanong Amerikano.

Sa proseso ng pagpapatupad ng estratehiyang kontra-insurhensya, itinambak ng noo'y rehimen ni Barack Obama ang halos 70,000 dagdag na tropa sa bansa para palakasin ang pwersa laban sa Taliban. Mula sa 30,000, lumaki tungong 100,000 ang bilang ng mga Amerikanong sundalo noong 2009-2011. Liban pa rito ang dagdag na 30,000 mga sundalo mula sa mga bansa sa Europe (pangunahin mula sa UK at Germany) na kasapi ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) at daanlibong lokal na pwersang panseguridad ng papet na estado.

Sa kabila ng pagdagsa ng dayuhang tropa, nananatiling patas ang katayuan ng dalawang panig mula 2009 pataas, ayon mismo sa datos ng US. Habang lumalaki ang bilang ng mga dayuhang tropa sa bansa, lalo ring dumarami ang mga opensiba ng Taliban at naidudulot nitong mga kaswalti ng hanay ng kanilang kalaban. Sa buong 17 taon, tinatayang nasa 2,400 sundalong Amerikano ang napatay sa Afghanistan, habang nasa 1,100 sa napatay sa mga sundalong European at 1,700 sa mga pribadong kontraktor. Noong 2014, nang sinimulan ng US ang pag-atras ng malaking bulto ng mga tropa nito, ibinaling ng Taliban ang mga atake nito sa lokal na mga pwersa. Tinatayang nasa 45,000 sundalo ng papet na gubyerno ang napatay sa loob lamang ng apat na taon.

Walang lugar o komunidad ang

lubusang nakontrol ng US, kahit sa Kabul, kabisera ng bansa. Wala ring naiulat na lubos na nagaping yunit ang Taliban, kahit matapos ang sunud-sunod na mga pambobomba at malakihang mga operasyong militar. Ang pinakanaaangkin lamang ng US na teritoryo ay ang mga lupang kinatitirikan ng kanilang mga kampo, at kinalalagyan ng kanilang mga mortar at kanyon. Sa malalayong lugar, inaantabayanan ng Taliban ang pagpasok ng mga tropang Amerikano dahil nangangahulugan ito ng pagbuhos ng gamit militar at ayudang direkta nilang pinakikinabangan.

Sa halip na makontrol ang populasyon, lalong pinag-alab ng US ang galit ng mga Afghan dulot ng napakaraming kaso ng pang-aabuso ng mga tropang Amerikano. Habang paparami ang mga sundalo ng US, dumadami din ang kanilang mga krimen. Sa taya ng United Nations mula 2009, umaabot na sa 100,000 sibilyan ang napatay sa mga atake ng mga sundalo, helikopter at eroplano ng US. Taun-taong tumaas ang bilang ng mga kaswalting sibilyan. Mahigit isang milyong Afghan ang napalikas dulot ng pangwawasak sa kanilang mga komunidad at napilitang manirahan sa mga sentro ng ebakwasyon sa loob ng bansa. May dagdag pang ilang milyong *refugee* ang napalayas tungong Iran, Pakistan at mga bansa sa Europe.

Kasabay nito, lalong humirap ang buhay ng mga Afghan sa kabila ng pagbuhos ng US ng $130 bilyong pondo para sa "rekonstruksyon." Bilyun-bilyong dolyar ang garapalang ibinulsa ng mga korap na upisyal ng gubyernong Afghan, gayundin ng mga upisyal militar nito. Sa kasagsagan ng gera, napatunayang 80% sa ipinagyabang ng US na naitayong mga eskwelahan at *health center* ay hindi totoo. Nabunyag din na ang ipinagmalaki nitong milyun-milyon nang kabataang babaeng Afghan na nakapag-aaral dulot ng mga repormang itinulak nito sa papet na gubyerno ay gawa-gawa lamang na mga numero.

Hindi naging kapani-paniwala sa mga Afghan ang mga prosesong ipinataw ng US para maging demokratiko diumano ang bansa. Batbat ng dayaan at anomalya ang dalawang eleksyong isinagawa nito para ihalal ang mga lider ng papet na estado. Sa pamamagitan ng mga eleksyong ito, nakapwesto sa gubyerno ang mga pamilyang kilala bilang pinakamalalaking *drug lord* sa bansa. Naging instrumento pa ang ang mga tropang Amerikano sa paglikida ng mga kalabang sindikato ng mga inupo nito sa pwesto. Sa buong okupasyon ng US, taun-taon ang paglaki ng ani ng *poppy*, ang halamang ginagamit sa produksyon ng iligal na drogang *heroin*, at tumaas ang kita mula sa iligal na pagbebenta nito.

WALANG NAKINABANG sa gera sa Afghanistan kundi ang dambuhalang kumpanyang militar-industriyal ng US na tumabo mula sa benta ng milyun-milyong bomba, bala at gamit-militar na ibinuhos sa gera. Kasabay nilang yumaman ang mga pribadong kontraktor at mga bayarang sundalong ginamit bilang mga tagapagtanggol ng matataas na upisyal na Amerikano at kanilang mga kasabwat sa papet na gubyerno na warlord at lider ng mga sindikato sa droga.

Sa pagtatapos ng gera at okupasyon ng US sa Afghanistan, nahaharap ang mamamayan dito sa matitinding hamon at paglaban. Wasak ang batayang imprastruktura at kapaligiran dulot ng deka-dekada nang gera. Atrasado ang lokal na produksyon at halos walang kabuhayan ang mamamayan. AB

## Bangkarote at korap na estratehiya ng kontra-insurhensya

Hindi direkta ang okupasyon ng mga tropang Amerikano sa Pilpinas pero malinaw ang kontrol at direksyon nito sa lokal na programang "kontra-insurhensya."

Ang Counterinsurgency Guide ng US ang pinagbatayang dokumento ng "whole-of-nation/government approach" na balangkas ng mga kampanyang mapanupil sa bansa sa nakaraang dekada—mula sa Oplan Bayanihan ng rehimeng Aquino hanggang sa Oplan Kapayapaan at National Internal Security Plan (NISP) ng rehimeng US-Duterte.

Sa kasalukuyan, nasa anyo ito ng National Task Force (NTF) to End Local Communist Armed Conflict na itinayo sa pamamagitan ng Executive Order 70 noong 2018. Pinagsisilbi ng NTF, na pinamumunuan ni Rodrigo Duterte at tinatauhan ng kanyang mga heneral, ang mga programa at pondo ng mga ahensya ng gubyerno para gapiin ang "insurhensya."

Purong kabulastugan ang idineklara nitong layunin ng "paghahatid ng mga batayang serbisyo, pagbibigay ng empleyo at mas mabuting kalidad ng pamumuhay" sa mga lugar na apektado ng armadong labanan. Ipinapailalim nito ang pagbibigay ng mga lokal na gubyerno ng mga batayang serbisyo sa mga operasyong militar at inilulusot ang presensya at okupasyon ng mga sundalo sa mga komunidad at baryo sa tabing ng burukrasyang sibil.

Nakatuntong ang programa ng NTF sa kasinungalingang marami nang myembro at tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan ang "sumurender." Ipinagmayabang ng AFP noong Enero na nasa 12,000 na sa kanila ang nakapaloob sa E-CLIP, ang programang nagbibigay ng pondong pangkabuhayan sa mga "nagbalik-loob." Walang katotohanan ang bilang na ito, na sadyang pinalaki para makuha at maibulsa ng mga upisyal-militar ang pondo. AB